JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Husaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 2

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2
## Paggamit ng mga Salitang Kilos sa Pag-uusap Tungkol sa Ibat Ibang Gawain sa Tahanan, Paaralan at Pamayanan.



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lujizzl Jane S. Dela Pena

**Editor:** Carmelita G. Goles

**Tagasuri:** Carmelita G. Goles

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Marie Jane E. Salipada

**Tagalapat:** Marie Jane E. Salipada, Florencio R. Caballero

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent
Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent
Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent
Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief
Florencio R. Caballero, DTE
EPS – LRMDS
Josephine L. Tomboc, EdD
EPS – Filipino



# Alamin

Maligayang pagdating sa Ikalawang modyul kaibigan. Ako ay nagagalak na masaya mong natapos ang unang aralin.

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga gawain at aktibidad na makatutulong sa mga mag-aaral upang malaman kung paano gamitin ang mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba't ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan.

Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

- Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba't ibang gawain sa tahanan,paaralan at pamayanan; **(F2WG-IIg-h-5)**

Ngayon, mas mapapalawak natin ang iyong kaalaman tungkol sa paggamit ng mga salitang kilos sa mga iba't ibang gawain sa inyong tahanan, paaralan at pamayanan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga ibat ibang gawain sa araling ito. Bago tayo tutungo ay balikan muna natin ang ating nakaraang aralin. Ito ay tungkol sa "Pagpapantig ng mga Mas Mahahabang Salita". Ngayon ihanda mo ang iyong sarili at muli sagutin natin ang pagsasanay na ito. Alam kong kayang kaya mo ito.



# Balikan


Kopyahin ang tsart sa kwaderno. Pantigin ang mga sumusunod na mga salita.

| **Salita** | **Pagpapantig** | **Bilang ng mga Pantig** |
|---|---|---|
| tumutulong | | |
| lumalangoy | | |
| pumunta | | |
| nagluluto | | |
| dinidiligan | | |



# Tuklasin

A. Tingnan ang larawan sa ibaba at sabihin kung anu-ano ang ginagawa ng mga tao. Isulat ang sagot sa kahon.





# Suriin

Isulat sa patlang ang salitang kilos sa bawat pangungusap.

___________1. Nagdidilig ako ng mga halaman.

___________2. Si Nena ay nagbubunot ng sahig.

___________3. Itinatapon ko ang balat ng kendi sa basurahan.

___________4. Inayos ni Rey ang kanyang higaan.

___________5. Naglinis ng buong bahay si Nanay.

Ngayon natapos mo ng sagutin ang mga naunang pagsasanay. Magaling! Alam kong may ideya ka na tungkol sa ating aralin. Kaya, simulan na natin kaibigan!

Ang mga salitang kilos na ginagamit natin sa pang araw-araw na mga gawain sa bahay, sa paaralan at sa ating pamayanan ay tinatawag pandiwa.Ang pandiwa ay nagsasaad ng kilos o galaw sa loob ng pangungusap.

**Tandaan:**

- May mga pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na natapos na tulad ng:

  sumulat, naglinis,nagwalis,umawit,nagtapon

- May mga pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na ginagawa pa tulad ng:

  sumusulat,naglilinis,nagwawalis,umaawit,nagtatapon

- May mga pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na gagawin pa tulad ng:

  susulat, magwawalis, maglilinis, aawait, magtatapon

Upang mapagtibay ang iyong pag-unawa sa ating aralin sagutin ang mga sumusunod na pagsasanay.Halika na, at umpisahan na natin ang pagsasanay.



# Pagyamanin

A. Kumpletuhin ang bawat pangungusap. Punan ng tamang salitang kilos ang bawat patlang. Pumili ng sagot mula sa mga ulap at isulat ito sa papel.

Inayos     sumulat     nagtatanim

Naghuhugas     Nagtapon

1. ____________ ng basura c Lito.
2. Si Nena ay____________ng mga halaman sa paso.
3. Ako ay ______________ng liham para sa aking guro.
4. _____________ng mga pinggan ang aking kapatid.
5. _____________ ni Tata yang mga nasirang upuan sa bahay.

B. Piliin ang wastong salitang kilos na angkop sa pangungusap. Isulat ang wastong sagot sa sagutang papel.

1. (Nagsibak, Nagdilig) ng mga halaman si Ate.
2. (Winalis, Itinapon) ni Kuya ang mga kalat sa basurahan.
3. Si Nanay ay (naghuhugas, nagluluto) ng aming hapunan.
4. Pumunta ng bukid si Lolo para (mag-araro,magtanim)ng mais at gulay.
5. Si Aling Caridad ay maagang (namili, namitas) ng sariwang gulay at prutas sa bukid.



# Isaisip

Lagyan ng ♡ kung ang pangungusap ay nagsasaad ng tamang pahayag tungkol sa aralin at △ kung hindi. Isulat sa patlang ang sagot.

_____1. Pandiwa ang tawag sa mga salitang nagsasaad ng kilos.
_____2. May mga salitang kilos na natapos na.
_____3. Ang lahat ng salitang kilos ay hindi pa nagagawa.
_____4. May mga pandiwang nagsasaad ng kilos na ginagawa pa.
_____5. May mga pandiwang nagsasaad ng kilos na gagawin pa.



## Isagawa

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Gamit ang mga salitang kilos, gumawa ng pangungusap na angkop dito.


1. ______________________________


2. ______________________________


3. ______________________________


4. ______________________________


5. ______________________________



## Tayahin

Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang ginagawa ng mga bata sa larawan?



A. nagwawalis
B. naglalaro
C. nagbabasa
D. namumulot ng basura

2. Ano ang dapat gawin pagkatapos kumain?
   A.kakanta ng mga awiting paborito
   B. magbasa ng mga komiks
   C. maghugas ng mga pingganp
   D. matulog ng maaga
3. Ang mga sumusunod ay mga ginagawa ng mga mag-aaral sa silid-aralan maliban sa:
   A. magbasa
   B. maliligo
   C. magbilang
   D. magsulat
4. Paano mo maipapakita sa iyong kapwa na ikaw ay isang batang may pagmamahal sa iyong bayan?
   A. Magtapon ng basura kahit saan.
   B. Maghahanap ng gulo sa mga kapitbahay.
   C. Magbigay ng abuloy sa mga simbahan.
   D. Tumulong at lumahok sa mga programa ng barangay.
5. Ano ang gagawin mo kung nakita mong nagkalat ang mga balat ng kendi sa labas ng inyong bahay?
   A. Dagdagan ang kalat na iyong nakita
   B. Hintayin na pulutin ng kapitbahay
   C. Huwag galawin ang mga kalat na nakita
   D. Linisin at walisin ang mga basurang pakalat kalat at itapon sa basurahan.



# Karagdagang Gawain

Gamitin sa pangungusap ang mga sumusunod na mga salitang kilos. Isulat sa iyong kwaderno ang tamang sagot.

1. Nagpunas
2. Nagdilig
3. Umawit
4. Nagsibak
5. Iniligpit

Napakagaling! Natapos mo na ang isa na naming makabuluhang aralin, Kaibigan!

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

1. tu-mu-tu-long 4
2. lu-ma-la-ngoy 4
3. pu-mun-ta 3
4. nag-lu-lu-to 4
5. di-ni-di-li-gan 5

**Tuklasin** (Maaaring Magkaiba ang Sagot)

**Suriin**

1. nagdidilig
2. nagbubunot
3. itinatapon
4. Inayos
5. naglinis

**Pagyamanin**

| **A.** | **B.** | **Isaisip** | **Tayahin** |
|---|---|---|---|
| **1**. Nagtapon | 1. Nagdilig | 1. ♡ | 1. D |
| 2. nagtatanim | 2. Itinapon | 2. ♡ | 2. C |
| 3. sumulat | 3. Nagluluto | 3. ∧ | 3. B |
| 4. naghuhugas | 4. Magtanim | 4. ♡ | 4. D |
| 5. inayos | 5. Namili | 5. ♡ | 5. D |

**Isagawa**

**(**Maaaring Magkaiba ang sagot)

**Karagdagang Gawain**

**(**maaaring magkaiba ang mga sagot)

# Sanggunian


Garcia, Aligante, Ola, Cruz, Castro, Padalla, Alburo and Cruz. *Ang bagong batang Pinoy 2*. Pasig City: Lexicon Press, Inc., 2016.

Villafuerte and Ona. *Pagdiriwang ng wikang Filipino 2*. Quezon City: Lexicon Press, Inc., 2010.